

Iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng PHC:

- Para magamot nang may paggalang at dignidad, nagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangan na mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon.
- Para mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang mga saklaw na serbisyo, practitioner, mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Para makatanggap ng ganap na isinalin na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iyong pinipiling wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at mga apela.
- Para makagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng PHC.
- Para makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng PHC.
- Para magkaroon ng napapanahong pag-aaccess sa mga provider na nasa network.
- Para sumali sa paggawa ng desisyon kasama ang mga provider tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tanggihan ang paggamot.
- Para magpahayag ng mga karaingan, alinman sa berbal o sa pagsulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang iyong natanggap.
- Para humingi ng isang pinabilis na karaingan sa mga pagkakataong maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang gumana nang ganap.
- Para humingi ng tulong mula sa tagapagtaguyod ng pasyente, provider, ombudsperson o sinumang tao na iyong pinili.
- Para malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng PHC na tanggihan, iantala, tapusin o baguhin ang isang kahilingan para sa pangangalagang medikal.
- Para makatanggap ng pagsasaayos ng pangangalaga.
- Para humingi ng isang apela sa loob ng 60 araw mula kung kailan ang PHC o ang isang taong kumikilos sa ngalan ng PHC, ay nag-abiso sa iyo hinggil sa desisyon na tanggihan, iantala o baguhin ang hiniling na serbisyo.
- Para makatanggap ng mga serbisyong berbal na pagsasalin para sa iyong wika na walang bayad.
- Para makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan para sa tulong o iba pang grupo.
- Para magbalangkas ng mga paunang tagubilin.
- Para humingi ng Pagdinig ng Estado kung tinanggahin ang serbisyo o benepisyo at nakapagsampa ka na ng apela sa PHC at hindi ka pa rin masaya sa desisyon, o kung hindi mo nakuha ang desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga pangyayari na kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig.
- Para maka-access sa mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad.

- Para makatanggap ng walang bayad na nakasulat na babasahin na nagbibigay kaalaman sa miyembro sa iba pang format (kabilang ang braille, malalaking naka-print na letra, audio at maa-access na elektronikong format) kapag hiniling at sa tamang panahon na angkop para sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare & Institutions Code Section 14182 (b)(12).
- Para maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang isang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Para makatotohanang talakayin ang impormasyon tungkol sa mga magagamit na pagpipilian na paggamot at mga alternatibo, ipinahayag sa paraang angkop sa iyong kondisyon at kakayahang makaintindi, anuman ang halaga o saklaw.
- Para magkaroon ng access sa at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na ang mga ito ay baguhin o itama, ayon sa tinutukoy sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 at 164.526.
- Maging malaya na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan nang masama ang kung paano ka tinatrato ng PHC, ng iyong mga provider, o ng Estado.
- Para magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Hiwalay na Sentro ng Paanakan (Freestanding Birth Centers), Mga Sentrong Pangkalusugan na Kwalipikado ng Pederal (Federally Qualified Health Centers), Mga Klinikang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Clinics), mga serbisyo ng komadrona, Mga Sentrong Pangkalusugan sa Kanayunan (Rural Health Centers), mga serbisyo para sa impeksiyon na naipapasa sa pakikipagtalik at mga serbisyong pang-emergency sa labas ng PHC network alinsunod sa batas ng pederal na pamahalaan.

Ang iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng PHC ay may ganitong mga responsibilidad:

- Responsibilidad mong tratuhin ang iyong (mga) provider at ang kanilang mga tauhan nang may respeto at sa magalang na paraan.
- Responsable kang pumunta sa iyong mga appointment sa tamang oras. Kung hindi ka nakagawa ng appointment, dapat kang tumawag sa iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment, para magkansela o muling mag-iskedyul.
- Responsable kang tratuhin ang mga tauhan ng PHC nang may respeto at sa magalang na paraan.
- Responsable ka sa paggawa ng mga kahilingan, tulad ng para sa transportasyon, nang maaga, at pagtawag sa PHC para kanselahin ang anumang transportasyon kung kailangan mong kanselahin o muling mag-iskedyul ng iyong appointment na medikal.
- Maging aktibo sa pakikibahagi sa pangangalaga sa iyo. Responsable kang magbigay, hangga't maaari, ng impormasyon na kinakailangan ng PHC at ng mga medikal na provider nito para mapangalagaan ka. Responsable ka sa

pakikipag-usap sa iyong medikal na provider tungkol sa mga bagay na maaari mong gawin para mapahusay ang iyong pangkalahatang kalusugan.

- Pag-unawa sa mga pagpipilian sa paggamot. Responsable kang intindihin ang mga pagpipilian sa paggamot at sumali sa pagbuo ng magkasamang napagkasunduan na mga layunin ng paggamot sa antas na posible.
- Pagtawag sa iyong provider. Responsable kang tumawag sa iyong provider para sa mga appointment kapag kailangan mo ng pangangalagang medikal, kabilang ang mga karaniwang pagsusuri.
- Makinig at makipagtulungan sa iyong provider. Responsable kang sabihan ang iyong medikal na provider tungkol sa kalagayan ng iyong kalusugan at anumang gamot na iyong iniinom. Responsable ka ring sumunod sa mga tagubilin para sa pangangalagang natanggap mo mula sa iyong medikal na provider.
- Gamitin lamang ang Emergency Room (ER) sa isang emergency. Responsable kang gumamit ng emergency room sa mga pangyayari na emergency o ayon sa iniutos ng iyong provider o sa Advice Nurse ng PHC.
- Responsable kang isumbong sa PHC ang pandaraya o maling gawain. Maaari mong gawin ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng PHC sa (800) 601-2146, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mo ring tawagan ang Hotline ng Medi-Cal para sa Panloloko at Pang-aabuso ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) nang libre sa (800) 822-6222.